# KAPASIYAHAN BLG. 2019-122

**"PAGLILIPAT NG ORGANIC TRADING POST (OTP) MULA SA DATI NITONG PUWESTO SA IKALAWANG PALAPAG NG PAMILIHANG BAYAN PATUNGO SA LIVELIHOOD BUILDING NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**
Tagapangulo
Lupon sa Kooperatiba, Agrikultura, Seguridad sa Pagkain at Kapaligiran

---

**SAPAGKA'T,** ang dating puwesto ng Organic Trading Post ay mayroon nang umuupa;

**SAPAGKA'T,** kinakailangan na magkaroon ito ng panibagong puwesto upang mailabas o maibigay ang pondo na nagkakahalagang P500,000.00 mula sa Tanggapan ng Panrehiyong Pagsasaka nagagamitin para sa operasyon at iba pang pangangailangan;

**SAPAGKA'T**, hindi na naaangkop sa dati nitong puwesto sa ikalawang palapag ng ating pamilihang bayan dahil madalang ito mapuntahan ng mga mamimili at hindi rin naaangkop ang kanilang tinda sa mga katabi nitong tindahan.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na ilipat ang Organic Trading Post (OTP) mula sa dati nitong puwesto sa ikalawang palapag ng Pamilihang Bayan patungo sa livelihood building ng Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-15 ng Oktubre taong Dalawang Libo at Labing Siyam sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Jonalyn S. Ortega-Santos**
Kasangguni

**Toni Flor H. De Guzman**
Kasangguni

**Rosette G. Pangilinan**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**Gemar Aldrich M. Cruz**
Kasangguni

**Martin SJ.Angeles**
ABC President

**Angelica L. De Leon**
SK President

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-15 ng Oktubre taong Dalawang Libo at Labing Siyam.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim